Pagdalo sa Korte

FACTSHEET

Filipino | Filipino

Kinaroroonan
Ang ACT Law Courts Building ay matatagpuan sa Knowles Place, Canberra, ACT.

Mga saklaw ng kapangyarihan ng Korte
Ang mga Korte ng ACT ay binubuo ng ACT Coroners Court (Korte ng Koroner ng ACT), ACT Childrens Court (Korte ng mga Bata ng ACT), ACT Magistrates Court (Korte ng Mahistrado ng ACT), ACT Supreme Court (Korte Suprema ng ACT) at ang ACT Court of Appeal (Korte ng Apela ng ACT).

Pasukan sa Childrens Court
May hiwalay na pasukan para sa ACT Childrens Court, sa tabi ng pangunahing pasukan sa Law Courts Building.

Mga oras ng pagbubukas ng Korte
Ang oras ng pagbubukas ng korte ay 8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Bukas ang counter sa pagtatanong mula 9:00 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon.

Malapit na transportasyon
Ang Canberra City bus at light rail interchange ay mga 500 metro mula sa Law Courts Building. May limitadong paradahang may bayad sa lugar ng Korte.

Mga kapihan
Matatagpuan ang kapihan sa unang palapag ng Law Courts Building bago ka dumaan sa seguridad. Matatagpuan ang mga vending machine at water cooler sa loob ng gusali ng korte. Bagaman ang mga pagkain, kape at inumin ay karaniwang madadala sa loob ng gusali ng korte, ang mga bagay na metal at bubog tulad ng mga bote o kutsara't kubyertos ay hindi pinapayagan ng seguridad. Ang mga pagkain o inumin (maliban sa tubig) ay hindi pinapayagang kainin sa mga silid ng hukuman.

Pag-screen para sa seguridad
Upang makapasok sa gusali ng korte, kailangan mong dumaan sa pag-screen para sa seguridad. Maaaring may pila, kaya dapat kang dumating nang maaga sa gusali ng korte. Hihilingin sa iyo na ilagay ang anumang maliliit na bagay sa isang bandeha upang dumaan sa x-ray machine. Maaaring kabilang dito ang mga bagay gaya ng mga dokumento, mobile phone, susi, pitaka at handbag. Maaari ka ring hilingan na tanggalin ang mga bagay tulad ng sapatos, sinturon o alahas kung umilaw ang metal screening device (aparatong nakaka-detect ng metal). Kung mayroon kang mga natatanging pangangailangan, mangyaring gumawa muna ng mga pagsasaayos sa Courts Assistance Officers sa pamamagitan ng pagtawag sa (02) 6205 0322.

Mga kubeta at silid na pang-magulang
May mga kubetang matatagpuan sa bawat palapag ng gusali ng Korte. Ang access sa aming silid na pang-magulang sa unang palapag ay magagamit kung hihilingin sa aming kawani ng seguridad. Walang mga pasilidad sa pag-aalaga ng bata sa Korte kaya kailangan mong ayusin ang pangangalaga sa iyong anak bago dumalo sa Korte.

Mga karatula ng impormasyon
Sa sandaling dumaan ka sa seguridad, makikita mo ang mga karatula ng impormasyon na nagpapakita ng pangalan ng kaso at ng silid ng hukuman kung saan didinggin ang kaso. Habang nakaharap ka sa mga karatula ng impormasyon, ang Magistrates Court ay nasa iyong kaliwa at ang Supreme Court ay nasa iyong kanan.

Counter ng pagtatanong (Enquiry counter)
Kung kailangan mong makipag-usap sa counter ng pagtatanong ng aming Korte, kailangan mong kumuha ng ticket at pumila. Kung nahihirapan kang maunawaan ang Ingles, ang aming kawani ng pagtatanong ay maaaring kumuha ng serbisyo ng interpreter sa telepono.

Iba pang mga serbisyo sa gusali

Ang ilang mga serbisyo ay may mga opisina sa loob ng gusali ng korte tulad ng Prisoners Aid (Tulong sa Bilanggo), Legal Aid ACT (Tulong sa Batas ng ACT) at ng Domestic Violence Crisis Service (Serbisyo sa Krisis ng Karahasan sa Tahanan). Maaari kang humingi ng mga tagubilin tungkol sa mga serbisyong ito mula sa aming concierge, kawani ng korte o sa counter ng pagtatanong.

Paggamit ng mga aparato

Ang paggawa ng pelikula, pagkuha ng litrato at pag-record ay ipinagbabawal sa loob ng Law Courts Building at gayundin sa sementadong lugar sa labas ng gusali ng korte.

Mga bagay na dapat tandaan

Kung dadalo sa korte mangyaring magbihis nang maayos, maging handa, dumating sa oras, maging matiyaga, maging magalang at mapitagan sa iba, at panatilihing nakapatay ang iyong telepono kapag nasa mga silid ng hukuman.

Planuhin ang iyong pagdalo

Upang mas mahusay na mapamahalaan ang mga di inaasahang pagkaantala, mangyaring isaalang-alang ang iyong transportasyon, childcare at pagsasaayos ng tagapag-alaga, pati na rin ang anumang mga kinakailangan sa gamot at pagkain, bago ang iyong pagdalo.

Proteksyon laban sa karahasan

Ang impormasyon kung paano mag-apply at tumugon sa kautusan sa proteksyong pansarili o pampamilya laban sa karahasan ay makukuha sa mga isinalin-wikang mga papel-kaalaman sa www.courts.act.gov.au/protectiontranslated.

Pagsasama sa kultura (Cultural inclusion)

Ang mga korte ay maaaring tumulong sa mga tao mula sa iba't ibang kultura sa pamamagitan ng:

- pagsasaalang-alang ng mga kinakailangan sa pagkain at panalangin ng mga taong nagsasagawa ng serbisyo bilang hurado;
- pagpapahintulot sa mga saksi na pangalanan ang kanilang kinikilalang Diyos kapag nanunumpa (tingnan ang iskedyul 2 ng *Oaths and Affirmations Act 1984*);
- pagbibigay ng access sa isang multi-faith room sa unang palapag ng Law Courts Building;
- pagsasaalang-alang ng mga kultural na saloobin at espirituwal na paniniwala kapag gumagawa ng mga desisyon sa mga proseso ng koroner – halimbawa, kung anong uri ng pagsusuri sa namatay na tao ang kinakailangan at kung kailangan ng mapanghimasok na awtopsiya – tingnan ang seksyon 17A ng *Coroners Act 1997*.

Mga paglilibot (tours) bago ang pagdinig

Ang mga taong may kahirapan sa wika ay malugod na inaanyayahang magsaayos ng paglilibot sa korte bago ang petsa ng kanilang pagdinig. Mangyaring tawagan ang aming mga Courts Assistance Officers sa (02) 6205 0322 o mag-email sa courtassistance@courts.act.gov.au.

Natatanging tulong

Kung kailangan mo ng anumang natatanging tulong habang nasa hukuman gaya ng serbisyo ng interpreter, tulong sa kapansanan o kung mayroon kang mga partikular na pangangailangan, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Court Assistance Officers sa (02) 6205 0322 o mag-email courtassistance@courts.act.gov.au.

Tulong ng interpreter

Mga pagtatanong sa telepono sa tulong ng interpreter

Tumawag sa 131 450 upang ma-access ang mahigit sa 160 na interpreter ng mga wika sa pamamagitan ng telepono, ipaliwanag kung bakit ka tumatawag sa **ACT Courts and Tribunal** at hilingin sa interpreter na ikonekta ka sa **ACT Courts and Tribunal sa (02) 6205 0000** o gamitin ang ACT Government Directory sa www.directory.act.gov.au upang mahanap ang direktang numero ng telepono para sa lugar na kailangan mo.

Harapang pagtatanong sa tulong ng interpreter sa telepono

Kung dadalo ka sa mga Korte, mangyaring sabihin sa kawani kung anong wika ang kailangan mo ng interpreter. Maaaring tumawag ang kawani ng Korte sa **131 450** para sa isang interpreter.

Mga interpreter sa mga paglilitis sa korte

Kung kailangan mo ng interpreter sa mga paglilitis sa korte, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong ligal na kinatawan, tagapagtaguyod o sa Korte sa lalong madaling panahon upang talakayin ang iyong mga pangangailangan. Ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan para sa mga ahensyang responsable sa pag-book ng mga interpreter para sa mga paglilitis sa korte at tribyunal ay makukuha sa aming webpage ng interpreter at www.courts.act.gov.au. Kung kailangan mo ng tulong mangyaring makipag-ugnayan sa aming Court Assistance Officers sa (02) 62050322 o mag-email sa courtassistance@courts.act.gov.au.